

Buod

S-1 Pagtatalaga ng NEPA

Mula noong 2007, ginagampanan ng Kagawaran ng Transportasyon ng California (Caltrans) ang mga pederal na responsibilidad para sa mga desisyon at pag-apruba sa kapaligiran sa ilalim ng National Environmental Policy Act (NEPA) para sa mga proyekto ng highway sa California na pinopondohan o kung hindi man ay inaaprubahan ng Federal Highway Administration (FHWA). Itinalaga ng FHWA ang mga responsibilidad na ito sa Caltrans alinsunod sa Title 23 ng United States Code (USC), Mga Seksyon 326 at 327, at sa dalawang Memorandum of Understanding na nilagdaan ng FHWA. Pakitingnan ang Caltrans Standard Environmental Reference (SER) Tomo 1, Kabanata 38, "Pagtatalaga ng NEPA" para sa karagdagang impormasyon.

S-2 Pangkalahatang-ideya ng Proyekto

Iminumungkahi ng Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority, sa pakikipagtulungan sa Caltrans at South Bay Cities Council of Governments, na pahasayin ang operasyon at kaligtasan ng freeway sa magkabilang direksiyon ng Interstate 405 (I-405), mula Wilmington Avenue hanggang Main Street sa Lungsod ng Carson, County ng Los Angeles, California. Kabilang sa kaugnay na mga pagpapahusay ang pagdaragdag ng mga pantulong na linya ng trapiko sa pagitan ng mga on-ramp at off-ramp upang mapahusay ang paglipat-lipat ng lane, pagsasanib, at paghihiwalay ng trapiko, gayundin ang pagpapatupad ng mga elemento ng Transportation System Management (TSM) at Transportation Demand Management (TDM) (Proyekto).

S-2.1 Mga Nangungunang Ahensiya at Dokumentasyon ng NEPA/CEQA

Ang iminungkahing Proyekto ay pinagsamang proyekto ng Caltrans at FHWA at napapailalim sa mga kinakailangan ng pang-estado at pederal na pagsusuri sa kapaligiran. Dahil dito, inihanda ang dokumentasyon ng Proyekto alinsunod sa California Environmental Quality Act (CEQA) at NEPA. Ang Caltrans ang nangungunang ahensiya sa ilalim ng CEQA at NEPA.

Ang ilang epektong itinuturing na makabuluhan sa ilalim ng CEQA ay maaaring hindi humantong sa pagpapasyang makabuluhan ang epekto sa ilalim ng NEPA. Dahil isinasaalang-alang ng NEPA ang kahalagahan ng proyekto sa kabuuan, madalas na naghahanda ng dokumentong may "mas mababang antas" para sa NEPA.

Pagkatapos matanggap ang mga komento mula sa publiko at mga ahensiyang nagsusuri, ihahanda ang panghuling dokumentong pangkapaligiran. Maaaring magsagawa ang Caltrans ng mga karagdagang pag-aaral sa kapaligiran at/o inhinyeriya upang tugunan ang mga komento. Isasama sa panghuling dokumentong pangkapaligiran ang mga tugon sa mga komentong natanggap tungkol sa Draft

Environmental Impact Report/Environmental Assessment (EIR/EA), at tutukuyin nito ang piniling alternatibo.

Kapag natapos ang panghuling dokumentong pangkapaligiran, magpapasya ang Caltrans kung aaprubahan ang proyekto at maglalabas ng Notice of Determination upang sumunod sa CEQA, at kung maglalabas ng Finding of No Significant Impact o mangangailangan ng Environmental Impact Statement upang sumunod sa NEPA. Kung maaaprubahan, ipapadala ang Notice of Availability ng Finding of No Significant Impact sa mga apektadong yunit ng pederal, pang-estado, at lokal na pamahalaan, at sa State Clearinghouse alinsunod sa Executive Order 12372.

S-2.2 Lugar ng Proyekto

Saklaw ng Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto ang mga hangganan ng iminungkahing pagpapahusay sa kaligtasan at operasyon sa kahabaan ng I-405 sa pagitan ng mga interchange ng Wilmington Avenue (post mile [PM] 9.6) at Main Street (PM 12.6), na humigit-kumulang 3.0 milya ang haba. Iminungkahi rin sa loob ng Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto ang mga lugar para sa pansamantalang karatula sa pagitan ng mga interchange ng Union Pacific Dolores Yard (PM 8.9) at Figueroa Street (PM 12.7).

Matatagpuan ang iminungkahing Proyekto sa karaniwang urbanong kapaligiran at napalilibutan ng pinaghalong residensiyal, komersiyal, panlibangan, magaan at mabigat na industriyal, at pampublikong gamit. Sa loob ng Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto, ang I-405 ay isang freeway na may kontroladong pagpasok na tumatakbo sa direksiyong hilagang-kanluran–timog-silangan at binubuo ng isang 11 talampakang lapad na linya para sa high-occupancy vehicle (HOV) at apat na 11 talampakang lapad na pangkalahatang linya ng trapiko sa bawat direksiyon.

Para sa layunin ng pagtatasa na ito, ipinapalagay na naipatupad na ang sumusunod na mga proyekto sa pagpapahusay ng transportasyon sa kahabaan ng koridor ng Proyekto:

- Magtayo ng mga express lane sa I-405 sa pagitan ng Interstate 110 (I-110) at hangganan ng mga County ng Los Angeles at Orange (Taon ng Pagkumpleto: 2031; Regional Transportation Plan [RTP] ID 1200S004)
- Magtayo ng mga connector ng express lane mula sa pahilagang (NB) I-405 patungo sa NB I-110 at mula sa patimog (SB) I-110 patungo sa SB I-405 sa interchange ng I-405 at I-110 (Taon ng Pagkumpleto: 2047; RTP ID 224S011)
- Palawigin ang mga express lane sa bawat direksiyon ng I-110 mula State Route 91 (SR-91) hanggang I-405 (Taon ng Pagkumpleto: 2049; RTP ID 224S010)

S-2.3 Layunin at Pangangailangan

Layunin ng iminungkahing Proyekto na pahasayin ang pagkakaugnay-ugnay at dagdagan ang multimodal na akses sa loob ng koridor ng Proyekto, at matugunan ang planadong pag-unlad ng ekonomiya sa loob ng Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto.

Kailangan ang iminungkahing Proyekto upang mapahusay ang operasyon at kaligtasan ng trapiko ng mga sasakyan, at magbigay ng karagdagang akses at pagkakaugnay-ugnay para sa mga naglalakad at nagbibisikleta sa mga lokal na interchange sa buong koridor ng Proyekto.

S-2.4 Iminungkahing Aksiyon

Inilalarawan sa seksiyong ito ang iminungkahing Proyekto at ang mga Alternatibong may Konstruksyon na binuo ng isang pangkat mula sa iba't ibang disiplina upang matugunan ang layunin at pangangailangan ng iminungkahing Proyekto habang iniwasan o binabawasan ang mga epekto sa kapaligiran. Ang mga alternatibong inilalarawan sa seksiyong ito ay binubuo ng Alternatibong Walang Konstruksyon (Alternatibo 1) at dalawang Alternatibong may Konstruksyon (Mga Alternatibo 2 at 3):

Alternatibo 1 – Walang Pagtatayo

Sa ilalim ng Alternatibo 1, walang gagawing pagpapahusay sa I-405, at hindi matatanggap ng ilang piling lokal na kalsada ang iminungkahing mga pagbabago sa Complete Streets para sa lahat ng paraan ng transportasyon.

Alternatibo 2 – Mga Pantulong na Linya at Kumpletong Kalye

Sa ilalim ng Alternatibo 2, maglalaan ng dalawang pantulong na linya sa pahilagang I-405 at dalawang pantulong na linya sa patimog na I-405 sa mga sumusunod na lokasyon:

- Sa kahabaan ng pahilagang I-405:
 - Sa pagitan ng NB on-ramp ng Wilmington Avenue at NB loop off-ramp ng Carson Street (0.69 milya ang haba)
 - Sa pagitan ng NB on-ramp ng Carson Street at NB off-ramp ng Avalon Boulevard (0.30 milya ang haba)
- Sa kahabaan ng patimog na I-405:
 - Sa pagitan ng SB on-ramp ng Avalon Boulevard at SB loop off-ramp ng Carson Street (0.39 milya ang haba)
 - Sa pagitan ng SB on-ramp ng Carson Street at SB off-ramp ng Wilmington Avenue (0.56 milya ang haba)

Magtatayo at magpapatupad din ang Alternatibo 2 ng mga elemento ng Complete Streets, gayundin ng mga sistemang TSM at TDM, sa buong Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto.

Alternatibo 3 – Pamamahala ng Sistema ng Transportasyon/ Pamamahala ng Pangangailangan sa Transportasyon

Sa ilalim ng Alternatibo 3, magtatayo at magpapatupad ang iminungkahing Proyekto ng mga elemento ng Complete Streets, gayundin ng mga sistemang TSM at TDM, sa buong Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto. Hindi kabilang sa Alternatibo 3 ang pagtatayo o pagpapalawig ng anumang pantulong na linya.

S-3 MGA EPEKTO NG PROYEKTO

Binubuod sa Talahanayan S-1 ang mga kahihinatnang pangkapaligiran ng iminungkahing Proyekto, na inilalahad sa Kabanata 2 at Kabanata 3 ng EIR/EA na ito. Nakalista sa Environmental Commitments Record sa Apendise C ang mga hakbang sa pag-iwas, pagbabawas, at mitigasyon.

Sadyang iniwang blangko ang pahinang ito.

Talahanayan S-1: Buod ng Pangunahing Posibleng Epekto ng mga Alternatibo

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Pagkakatugma sa mga Pederal, Pang-estado, Pantribo, Panrehiyon, at Lokal na Plano at Programa	Hindi ito aayon sa mga naaangkop na pederal, pang-estado, panrehiyon, at lokal na plano.	Naaayon – Walang Epekto	Naaayon – Walang Epekto	Wala
Paglago	Walang epekto	Walang epekto	Walang epekto	Wala
Katangian at Pagkakaisa ng Komunidad	Walang epekto	Maaaring magkaroon ng pansamantalang epekto sa ingay, kalidad ng hangin, at trapiko sa panahon ng konstruksyon. Pahuhusayin ng Alternatibo 2 ang mobilidad at magdaragdag ng mga elemento ng Complete Streets, na makatutulong sa pagkakaisa ng komunidad.	Katulad ng Alternatibo 2	Wala
Paglilipat at Pagkuha ng Ari-arian	Walang epekto	Walang paglilipat ng lokasyon o pagpapaalis.	Kapareho ng Alternatibo 2	Wala

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Mga Utility/Mga Serbisyong Pang-emerhensiya	Walang epekto	Kakailanganin ang maliliit na paglilipat ng mga utility. Kabilang dito ang 27 na pananatilihin sa lugar, 11 na pananatilihin sa lugar na may variance, 20 na ililipat, 9 na iaakma sa antas ng lupa, at 3 na aalisin o pababayaang. Walang inaasahang pansamantala o permanenteng pagkaantala sa mga serbisyo ng utility. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Katulad ng Alternatibo 2. Kakailanganin ang maliliit na paglilipat ng mga utility. Kabilang dito ang 10 na pananatilihin sa lugar, 1 na pananatilihin sa lugar na may variance, 11 na ililipat, at 8 na iaakma sa antas ng lupa. Walang inaasahang pansamantala o permanenteng pagkaantala sa mga serbisyo ng utility. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: UTL-1, UTL-2 Alternatibo 3: UTL-1, UTL-2
Transportasyon	Walang epekto. Patuloy na lalala ang pagsisikip mula sa kasalukuyang mga bottleneck sa pangunahing linya kumpara sa kasalukuyang kondisyon.	Magkakaroon ng pansamantalang epekto sa panahon ng konstruksyon dahil sa panandaliang pagsasara ng mga ramp at pagsasara ng pangunahing linya sa gabi. Bahagyang bubuti ang pagsisikip at pagpila ng trapiko sa pangunahing linya pagkatapos ng konstruksyon. Bubuti rin ang sirkulasyon, mobilidad, at akses para sa mga nagbibisikleta at naglalakad. Aalisin ang mga paradahan sa kalye sa 213th Street. Walang epekto sa VMT. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Katulad ng mga epekto ng Alternatibo 2. Gayunman, hindi mapahuhusay ng Alternatibo 3 ang pagsisikip o pagpila ng trapiko sa pangunahing linya. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Wala

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Tanawin/Estetika	Walang epekto	Ang Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto ay hindi matatagpuan sa isang magandang highway o magagandang tanawin. Maaapektuhan ng Alternatibo 2 ang humigit-kumulang 114 na puno; gayunman, 542 puno ang itanim ayon sa konseptuwal na disenyo. Inaasahan ang maliliit na kapaki-pakinabang na epekto sa mahahalagang tanawin. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Katulad ng Alternatibo 2; gayunman, maaapektuhan ng Alternatibo 3 ang humigit-kumulang 20 puno. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: VIS-1, VIS-2, VIS-3, at AS-4 Alternatibo 3: VIS-1, VIS-2, VIS-3, at AS-4
Mga Yamang Pangkultura	Walang epekto	Palalaparin ng Alternatibo 2 ang Dominguez Channel Bridge sa loob ng Dominguez Channel Historic District. Napagpasyahan ng Caltrans na hindi magdudulot ang Alternatibo 2 ng masamang epekto sa makasaysayang distrito. Kung makakita ng mga yamang kultural o labi ng tao sa panahon ng konstruksyon, ipatutupad ang mga karaniwang pamamaraan ng Caltrans. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Katulad ng Alternatibo 2; gayunman, hindi palalaparin ng Alternatibo 3 ang Dominguez Channel Bridge sa loob ng Dominguez Channel Historic District. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: CUL-1 Alternatibo 3: CUL-1

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Hidrolohiya at Kalupaan ng Baha	Walang epekto	Sa panahon ng konstruksyon, kakailanganin ang pansamantalang falsework sa loob ng Dominguez Channel, na matatagpuan sa isang 100-taong kapatagan ng baha. Bahagyang itataas ng Alternatibo 2 ang batayang taas ng baha nang tinatayang 0.01 talampakan kaysa sa kasalukuyang kondisyon sa humigit-kumulang 10,000 talampakan sa loob ng Dominguez Channel. Walang makabuluhang epekto sa kapatagan ng baha. Maaaring kailanganin ang Permit sa Pagpasok sa mga Baha. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Walang gawaing konstruksyon o permanenteng pagpapahusay na magaganap sa loob ng Dominguez Channel. Walang magiging pagbabago sa batayang taas ng baha. <i>CEQA: Walang Epekto</i>	Wala

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Kalidad ng Tubig at Daloy ng Tubig-ulan	Walang epekto	Maaaring magdulot ang Alternatibo 2 ng pansamantala at permanenteng epekto sa kalidad ng tubig. Kabilang din sa Alternatibo 2 ang mga gawain sa konstruksyon at permanenteng pagpapahusay sa loob ng Dominguez Channel. Ang kabuuang DSA ay magiging 30.98 acre. Ang kabuuang pagtaas sa bagong netong lawak ng hindi tinatagusang ibabaw ay magiging 7.43 acre. Kailangang sumunod ang iminungkahing Proyekto sa mga kinakailangan ng permit ng NPDES at maghanda ng SWPPP upang maiwasan at mabawasan ang pansamantalang epekto sa panahon ng konstruksyon. Ipatutupad ang mga BMP sa disenyo para sa pag-iwas at paggamot ng polusyon. Maaaring kailanganin ang Section 404 Permit (Nationwide Permit), Section 401 Water Quality Certification, Section 1602 Lake or Streambed Alteration Agreement, at Floodplain Encroachment Permit, na maaaring magresulta sa mga karagdagang hakbang mula sa mga ahensiyang nangangasiwa. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Katulad ng Alternatibo 2; gayunman, ang kabuuang DSA ay magiging 12.70 acre at ang kabuuang pagtaas sa bagong netong lawak ng hindi tinatagusang ibabaw ay magiging 5.33 acre. Bukod dito, walang gawaing konstruksyon o permanenteng pagpapahusay na magaganap sa loob ng Dominguez Channel. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: NC-3, NC-4, NC-5, NC-7, at NC-8 Alternatibo 3: NC-3, NC-4, NC-5, NC-7, at NC-8

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Heolohiya/Mga Lupa/Seismiko/Topograpiko	Walang epekto	Sa panahon ng konstruksyon, malalantad ang hinukay na lupa at tataas ang posibilidad ng pagguho ng lupa kumpara sa kasalukuyang kondisyon. May posibilidad ng liquefaction at mga lupang nakaaagnas. Maaaring maapektuhan ng paggalaw ng lupa, liquefaction, at posibleng pagbabago ng anyo ng lupa ang mga iminungkahing gawain at pagpapahusay. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Katulad ng Alternatibo 2; gayunman, walang gawaing magaganap sa loob ng Dominguez Channel. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: GEO-1 Alternatibo 3: GEO-1
Paleontolohiya	Walang epekto	Walang natukoy na natatanging yamang paleontolohikal o lugar sa loob ng APE. Sa panahon ng konstruksyon, maaaring maapektuhan ng Proyekto ang mga sedimentong sensitibo sa paleontolohiya dahil sa pagtatayo ng mga pantulong na linya, pagpapalapad ng tulay, at mga pader na tie-back. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Walang natukoy na natatanging yamang paleontolohikal o lugar sa loob ng APE. Maaaring maapektuhan ng mga gawain sa konstruksyon ang mga sedimentong sensitibo sa paleontolohiya dahil sa pagtatayo ng mga pader na tie-back. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: PAL-1 Alternatibo 3: PAL-1

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Mapanganib na Basura/Materyales	Walang epekto	Matatagpuan ang Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto sa dating tambakan ng basurang munisipal at industriyal. Bukod dito, iniulat na tumatanggap ang Dominguez Channel ng inilalabas na basurang industriyal. Maaaring may ADL, arsenic, at mga preservative ng kahoy sa lupa. Maaaring may tingga at ACM sa mga tulay at iba pang estruktura. Maaaring makatagpo ng kontaminasyon sa lupa, singaw ng lupa, at tubig sa ilalim ng lupa sa panahon ng paghuhukay. Maaaring makawala ang methane gas sa nakapaligid na hangin sa panahon ng paghuhukay. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Matatagpuan ang Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto sa dating tambakan ng basurang munisipal at industriyal. Katulad ng Alternatibo 2 ang mga epekto kaugnay ng mga lugar na pinagmumulan ng alalahanin (ADL, arsenic, at mga preservative ng kahoy). Alternatibo 3 ng mga epektong kaugnay ng ACM, LBP, o Dominguez Channel. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: HAZ-1, HAZ-2, HAZ-3, HAZ-4, at HAZ-5 Alternatibo 3: HAZ-1, HAZ-3, at HAZ-4

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Kalidad ng Hangin	Walang epekto. Magkakaroon ng bahagyang pagtaas sa particulate matter na 10 micron o mas maliit ang diyametro sa Taon ng Disenyo kumpara sa kasalukuyang kondisyon.	Matatagpuan ang iminungkahing Proyekto sa isang komunidad na saklaw ng AB 617. Maaaring pansamantalang bumaba ang kalidad ng hangin sa panahon ng konstruksyon dahil sa paglabas ng particulate matter (alibok sa hangin). Ang mga heavy-duty na trak at kagamitang pangkonstruksyon na pinatatakbo ng mga makinang gasolina at diesel ay maglalabas ng carbon monoxide, sulfur dioxide, nitrogen oxides, volatile organic compounds, at ilang soot particulate sa usok ng tambutso. Maaaring makaapekto sa asbestos at LBP ang pagpapalapad ng tulay. Ang mga epekto sa operasyon ay magiging kapareho ng Alternatibong Walang Konstruksyon. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Katulad ng Alternatibo 2. Gayunman, mas mababa ang emisyon mula sa konstruksyon kaysa sa Alternatibo 2, at walang palalaparing tulay sa Alternatibo 3. Ang mga epekto sa operasyon ay magiging kapareho ng Alternatibo 1 at Alternatibo 2. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: AQ-1 hanggang AQ-16, HAZ-2, at HAZ-4 Alternatibo 3: AQ-1 hanggang AQ-15 at HAZ-4

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Ingay	Walang epekto	Ang ingay mula sa konstruksyon ay panandalian at pasulput-sulpot. Inaasahan ang konstruksyon sa gabi. Hindi lalampas nang malaki ang ingay sa operasyon sa kasalukuyang antas ng ingay (12 dBA). Gayunman, magkakaroon ng epekto sa ingay ang Alternatibo 2 dahil lalapit ang mga antas ng ingay sa hinaharap sa pederal na pamantayan sa pagbabawas ng ingay (ibig sabihin, nasa loob ng 1 dBA) sa ilalim ng 23 CFR Part 772. Tatlong hadlang sa ingay ang natukoy na makatwiran at maisasagawa at inirerekomenda para sa konstruksyon: - BA-3 sa pahilagang I-405 malapit sa Carson Street - BA-7 sa patimog na I-405 off-ramp ng Avalon Boulevard - BA-10 sa patimog na I-405 on-ramp Kailangang palaparin ang Avalon Boulevard Undercrossing upang mapagkasya ang Hadlang sa Ingay BA-7. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Ang ingay mula sa konstruksyon ay panandalian at pasulput-sulpot. Walang magiging epekto sa ingay mula sa operasyon sa ilalim ng 23 CFR 772. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	NOI-1

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Enerhiya	Walang epekto. Bababa ang paggamit ng enerhiya sa Taon ng Disenyo kumpara sa kasalukuyang kondisyon.	Ang direktang paggamit ng enerhiya sa ilalim ng Alternatibo 2 ay magiging kapareho ng Alternatibong Walang Konstruksyon at mas mababa kaysa sa kasalukuyang kondisyon. Ang hindi direktang paggamit ng enerhiya sa panahon ng konstruksyon ay magiging humigit-kumulang 21,953 milyong BTU. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Ang direktang paggamit ng enerhiya ay magiging kapareho ng Alternatibo 1 at Alternatibo 2. Ang hindi direktang paggamit ng enerhiya sa panahon ng konstruksyon ay magiging humigit-kumulang 4,022 milyong BTU. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: ENR-1 hanggang ENR-4, AQ-1, AQ-12, at AQ-15 Alternatibo 3: ENR-1 hanggang ENR-4, AQ-1, AQ-12, at AQ-15
Mga Natural na Komunidad	Walang epekto	Magdudulot ang Alternatibo 2 ng humigit-kumulang 0.07 acre na pansamantalang epekto at 0.01 acre na permanenteng epekto sa Pickleweed Mats (ranggo ng Estado: S3), na matatagpuan sa mababang pampang na naaabot ng taib-tabsing ng Dominguez Channel sa loob ng BSA. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Magdudulot ang Alternatibo 3 ng pansamantalang hindi direktang epekto sa Del Amo Channel at kaugnay na Pickleweed Mats dahil sa alikabok na nalilikha sa panahon ng konstruksyon. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: NC-1, NC-2 (Mitigasyon ng CEQA), NC-3 hanggang NC-10, at NC-11 (Mitigasyon ng CEQA) Alternatibo 3: NC-5

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Mga Latian at Iba Pang Katubigan	Walang epekto	Pansamantalang maaapektuhan ng Alternatibo 2 ang humigit-kumulang 1.30 acre ng katubigang hindi latian at 0.07 acre ng mga latian sa ilalim ng hurisdiksiyon ng USACE at RWQCB. Permanente ring maaapektuhan ng Alternatibo 2 ang humigit-kumulang 0.33 acre ng katubigang hindi latian at 0.01 acre ng mga latian sa ilalim ng hurisdiksiyon ng USACE at RWQCB. Pansamantalang maaapektuhan ng Alternatibo 2 ang humigit-kumulang 2.01 acre ng streambed na walang halaman at humigit-kumulang 0.07 acre ng Pickleweed Mats/riparian na halaman sa ilalim ng hurisdiksiyon ng CDFW. Permanente ring maaapektuhan ng Alternatibo 2 ang humigit-kumulang 0.54 acre ng streambed na walang halaman at humigit-kumulang 0.01 acre ng Pickleweed Mats. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Hindi magdudulot ang Alternatibo 3 ng anumang direktang pansamantala o permanenteng epekto sa katubigang hindi latian o sa mga latian sa ilalim ng hurisdiksiyon ng USACE o RWQCB. Hindi rin direktang maaapektuhan ng Alternatibo 3 ang streambed na walang halaman o ang Pickleweed Mats/riparian na halaman sa ilalim ng hurisdiksiyon ng CDFW. Gayunman, maaaring magdulot ang Alternatibo 3 ng pansamantalang hindi direktang epekto sa Del Amo Channel at kaugnay na Pickleweed Mats mula sa mga gawaing pangkonstruksyon na katabi ng channel (paglikha ng alikabok). <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: NC-1 hanggang NC-9, at NC-11 (Mitigasyon ng CEQA) Alternatibo 3: NC-5

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Mga Espesye ng Halaman	Walang epekto	Walang natukoy na species ng halamang may espesyal na katayuan sa mga survey sa lugar. Kabilang sa BSA ang tirahang maaaring sumuporta sa lucky morning-glory (<i>Calystegia felix</i>), southern tarplant (<i>Centromadia parryi</i> ssp. <i>australis</i>), smooth tarplant (<i>Centromadia pungens</i> ssp. <i>laevis</i>), vernal barley (<i>Hordeum intercedens</i>), and Sanford's arrowhead (<i>Sagittaria sanfordii</i>). Pansamantalang maaapektuhan ng Alternatibo 2 ang humigit-kumulang 2.01 acre at permanenteng maaapektuhan ang humigit-kumulang 0.54 acre ng angkop na tirahan sa streambed para sa lucky morning-glory, southern tarplant, at Sanford's arrowhead. Pansamantalang maaapektuhan din ng Alternatibo 2 ang humigit-kumulang 2.47 acre at permanenteng maaapektuhan ang humigit-kumulang 0.19 acre ng angkop na tirahan para sa vernal barley. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Alternatibo 3 ay hindi makakaapekto sa angkop na tirahang streambed na walang halaman para sa lucky morning-glory, southern tarplant, o Sanford's arrowhead. Pansamantalang maaapektuhan ng Alternatibo 3 ang humigit-kumulang 2.47 acre at permanenteng maaapektuhan ang humigit-kumulang 0.11 acre ng angkop na tirahan para sa vernal barley. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Alternatibo 2: PS-1, PS-2 (Mitigasyon ng CEQA), at NC-5 Alternatibo 3: PS-1, PS-2 (Mitigasyon ng CEQA), at NC-5

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Mga Espesye ng Hayop	Walang epekto	American bumble bee (<i>Bombus pensylvanicus</i>), Southern California legless na butiki (<i>Anniella stebbinsi</i>), mga ibon na migratory, at mga paniki ay maaaring matagpuan sa BSA. Ang mga gawaing pangkonstruksyon, gaya ng grading, paghuhukay, pag-aalis ng halaman, at pagpapatakbo ng mabibigat na kagamitan, ay maaaring magdulot ng direkta at hindi direktang epekto sa mga species ng hayop na may espesyal na katayuan sa loob ng BSA. Maaari ring magkaroon ng hindi direktang epekto mula sa ingay, vibration, at artipisyal na ilaw na kaugnay ng konstruksyon. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Katulad ng Alternatibo 2 <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Alternatibo 2: AS-1 (Mitigasyon ng CEQA), AS-2, AS-3, AS-4, NC-1, at NC-2 (Mitigasyon ng CEQA) Alternatibo 3: AS-1 (Mitigasyon ng CEQA), AS-2, AS-3, AS-4, NC-1, at NC-2 (Mitigasyon ng CEQA)

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Mga Nanganganib na Espesye	Walang epekto	Isang monarch butterfly (ipinagpalagay ng pederal na nanganganib na espesye; <i>Danaus plexippus plexippus</i> pop. 1) ay naobserbahan noong mga survey sa larangan. Crotch's bumble bee (<i>Bombus crotchii</i>), burrowing owl (<i>Athene cunicularia</i>), at Belding's savannah sparrow (<i>Passerculus sandwichensis beldingi</i>) ay maaari ring matagpuan sa BSA. Ang mga gawaing pangkonstruksyon, gaya ng grading, paghuhukay, pag-aalis ng halaman, at pagpapatakbo ng mabibigat na kagamitan, ay maaaring magdulot ng direkta at hindi direktang epekto sa mga nakalistang species sa loob ng BSA. Maaari ring magkaroon ng hindi direktang epekto mula sa ingay, vibration, at artipisyal na ilaw na kaugnay ng konstruksyon. Direktang maaapektuhan din ng Alternatibo 2 ang pickleweed mats, na angkop na tirahan ng Belding's Savannah sparrow. Natukoy ng Caltrans na ang Alternatibo 2 ay hindi makakaapekto sa anumang mga espesye na nakalista sa pederal na pamahalaan o magreresulta sa "pagkuha" ng anumang espesye na nakalista sa estado. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Katulad ng Alternatibo 2; gayunman, hindi direktang maaapektuhan ng Alternatibo 2 ang pickleweed mats, na angkop na tirahan ng Belding's Savannah sparrow. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Alternatibo 2: TE-1 hanggang TE-8, NC-1, NC-2 (Mitigasyon ng CEQA), NC-3, ant NC-9, at AS-1 (Mitigasyon ng CEQA) Alternatibo 3: TE-1 hanggang TE-8; NC-1, NC-2 (Mitigasyon ng CEQA), NC-3, ant NC-9, at AS-1 (Mitigasyon ng CEQA)

Posibleng Epekto	Alternatibo 1 (Walang Pagtatayo)	Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Daan at Kumpletong Kalye)	Alternatibo 3 (TSM/TDM)	Mga Hakbang sa Pag-iwas, Pagbabawas, at/o Mitigasyon
Mga Mapansalakay na Espesye	Walang epekto	May ilang mapansalakay na espesye na tumutubo sa BSA. Ang mga iminungkahing aktibidad ay may potensyal na magpakalat ng mga mapansalakay na espesye sa pamamagitan ng karagdagang panggugulo sa BSA. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Katulad ng Alternatibo 2 <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: INV-1 Alternatibo 3: INV-1
Pagbabago ng Klima (CEQA lamang)	Walang epekto. Bababa ang mga emisyon ng GHG sa Taon ng Pagbubukas at Taon ng Disenyo kumpara sa kasalukuyang kondisyon.	Ang Alternatibo 2 ay isang proyektong nagpapataas ng kapasidad ng kalsada ngunit hindi inaasahang magdudulot ng VMT. Tinatayang maglalabas ang mga gawaing pangkonstruksyon ng humigit-kumulang 1,618 metrikong tonelada ng CO ₂ e. Ang mga emisyon ng GHG mula sa operasyon ay magiging kapareho ng Alternatibong Walang Konstruksyon at mas mababa kaysa sa kasalukuyang kondisyon. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Ang Alternatibo 3 ay hindi isang proyektong nagpapataas ng kapasidad ng kalsada at hindi magdudulot ng VMT. Katulad ito ng Alternatibo 2; gayunman, tinatayang maglalabas ang mga gawaing pangkonstruksyon ng humigit-kumulang 299 metrikong tonelada ng CO ₂ e. <i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan</i>	Alternatibo 2: AQ-1, AQ-5, AQ-6, AQ-12, AQ-13, ENR-1, ENR-2, ENR-3, NC-1, NC-3, at NC-7 Alternatibo 3: AQ-1, AQ-5, AQ-6, AQ-12, AQ-13, ENR-1, ENR-2, ENR-3, NC-1, NC-3, at NC-7
Panukalang Batas ng Senado 743/ Pagsusuri ng Demand na Sapilitan (CEQA lamang)	Walang epekto	<i>CEQA: Walang Epekto – Sinuri</i>	<i>CEQA: Walang Epekto – Sinuri</i>	Wala
Sunog sa kagubatan (CEQA lamang)	Walang epekto	<i>CEQA: Walang Epekto</i>	<i>CEQA: Walang Epekto</i>	Wala
Pinagsama-samang mga Epekto (CEQA lamang)	Walang epekto	<i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	<i>CEQA: Mas Mababa sa Makabuluhan kapag Isinama ang Mitigasyon</i>	Walang karagdagang mga hakbang

AB=Assembly Bill; ACM=asbestos-containing material; ADL=aerially deposited lead; APE=area of potential effects; bfe=base flood elevation; BMP=Best Management Practice; BSA=Biological Study Area; BTU= British thermal units; CDFW=California Department of Fish and Wildlife;

CEQA=California Environmental Quality Act; CFR=Code of Federal Regulations; CO₂e=carbon dioxide equivalent; dBA= A-weighted decibels; DSA=disturbed surface area; GHG=greenhouse gas; LBP=lead-based paint; NPDES=National Pollutant Discharge Elimination System; RWQCB=Regional Water Quality Control Board; SWPP=stormwater pollution prevention plan; TDM=Transportation Demand Management; TSM=Transportation System Management; USACE=U.S. Army Corps of Engineers; VMT=vehicle miles traveled

Buod

S-4

Sadyang iniwang blanko ang pahinang ito.

S-4 Buod ng mga Mahahalagang Epekto sa Ilalim ng CEQA

Gaya ng detalyadong tinalakay sa Kabanata 3, *Pagsusuri ng CEQA*, paunang napagpasyahan ng Caltrans na walang alinman sa mga Alternatibong may Konstruksyon ang magdudulot ng makabuluhan at hindi maiiwasang epekto sa ilalim ng CEQA. Ang parehong Alternatibong may Konstruksyon ay magkakaroon ng mga epektong mas mababa sa makabuluhan sa mga biyolohikal na yaman, kapwa nang paisa-isa at pinagsama-sama, kapag ipinatupad ang sumusunod na mga hakbang sa mitigasyon:

- Hakbang NC-2** Sa panahon ng konstruksyon, titiyakin ng Resident Engineer ng California Department of Transportation (Caltrans) o ng itinalagang kontratista, na walang pestisidyo/insektisidyo ang gagamitin bilang bahagi ng iminungkahing Proyekto.
- Hakbang PS-2** Sa Panahon ng Konstruksiyon, titiyakin ng Resident Engineer ng Caltrans, o ng itinalagang kontratista, sa pakikipag-ugnayan sa isang kuwalipikadong biyologo, na kung hindi maiiwasan ang mga halamang may espesyal na katayuan, o kung matukoy sa pagsubaybay na masamang naaapektuhan ng mga gawain sa konstruksyon ang mga halaman, ihihinto ang mga gawaing iyon at bubuo ang isang kuwalipikadong biyologo ng Plano sa Paglilipat upang ilipat ang mga halaman sa angkop na lugar at subaybayan ang kanilang pananatiling buhay. Isasama sa Plano sa Paglilipat, sa pinakamababa, ang mga detalye tungkol sa lugar ng paglilipatan, mga paraan ng paglilipat, mga paraan ng pagsubaybay, at pamantayan ng pananatiling buhay. Susubaybayan ang mga inilipat na halaman sa sapat na panahon upang makumpirmang nakaligtas ang mga ito sa paglilipat, ayon sa itinakda sa Plano sa Paglilipat. Kung mababa ang antas ng pananatiling buhay ng mga inilipat na halaman, magsasagawa ng karagdang pagtatanim (hal., mga halamang nasa lalagyan at/o hydroseeding) upang makatulong na matugunan ang itinakdang pamantayan ng tagumpay.
- Hakbang AS-1** Sa panahon at pagkatapos ng konstruksyon, titiyakin ng Resident Engineer ng Kagawaran ng Transportasyon ng California (Caltrans), o ng itinalagang kontratista, na ang mga lugar na pansamantalang nagambala sa panahon ng konstruksyon ay maibabalik gamit ang mga katutubong species, kapag posible at naaangkop, ayon sa pagpapasya ng isang kuwalipikadong biyologo sa pakikipag-ugnayan sa landscape architect at sa mga plano sa pagpapanumbalik o landscaping na inaprubahan ng ahensiya. Upang suportahan ang tirahan ng mga pollinator, isasama sa mga lugar ng pagpapanumbalik ang hindi bababa sa dalawang katutubong namumulaklak na species, gaya ng coffeeberry (*Frangula californica*) at toyon (*Heteromeles arbutifolia*), na kasama

sa kasalukuyang konsepto ng landscaping, kung angkop sa mga kondisyon ng lugar.

Iminumungkahi rin ang sumusunod na hakbang sa mitigasyon kung pipiliin ang Alternatibo 2 bilang piniling alternatibo:

Hakbang NC-11 Bago o sa panahon ng konstruksyon, titiyakin ng Resident Engineer ng Kagawaran ng Transportasyon ng California (Caltrans), o ng itinalagang kontratista, na ang mitigasyon para sa mga permanenteng epekto sa mga bahaging saklaw ng hurisdiksiyon at sa Pickleweed Mats ay maisasagawa sa pamamagitan ng pagbili ng in-lieu fees, mga kredito sa mitigation bank sa angkop na mitigation bank, muling pagtatanim sa mismong lugar, o iba pang paraang itinuturing na katanggap-tanggap ng mga ahensiyang nangangasiwa. Ang mitigasyon ay magkakaroon ng pinakamababang ratio na 1:1; gayunman, itatakda ang panghuling ratio sa pamamagitan ng konsultasyon at koordinasyon sa mga ahensiyang nangangasiwa sa proseso ng pagkuha ng permit. Kung isasagawa ang muling pagtatanim sa mismong lugar, ang lugar na muling tatamnan ay nasa loob ng Lugar ng Pag-aaral ng Proyekto at magiging mas malaki kaysa sa apektadong lugar upang isaalang-alang ang posibleng pagkakaiba-iba sa tagumpay ng pagpapanumbalik.

Isasaalang-alang bago aprubahan ang Proyekto ang mga pasya para sa lahat ng natukoy na posibleng makabuluhang epekto. Hindi kinakailangan ang Statement of Overriding Consideration.

S-5 KOORDINASYON SA PUBLIKO AT IBA PANG MGA AHENSYA

S-5.1 Mga Kinakailangang Permit at Pag-apruba

Kinakailangan ang sumusunod na mga permit, lisensiya, kasunduan, at sertipikasyon para sa konstruksyon ng proyekto:

Talahanayan S-2Mga Pahintulot at Pag-apruba

Ahensya:	Mga Permit/Lisensya/ Mga Kasunduan/Sertipikasyon	Katayuan
U.S. Army Corps of Engineers	Paunang Pagpapasya sa Hurisdiksiyon para sa mga wetland at katubigan ng United States na saklaw ng hurisdiksiyon Section 404 Permit para sa pagtatambak o dredging sa katubigan ng United States	Kung pipiliin ang Alternatibo 2, magsusumite ng aplikasyon para sa Preliminary Jurisdictional Delineation pagkatapos mapili ang piniling alternatibo. Magsusumite ng abiso bago ang konstruksyon para sa Nationwide Permit 14 sa yugto ng disenyo, kung kinakailangan.
California Department of Fish and Wildlife	Seksyon 1602 Kasunduan sa Pagbabago sa Lawa o Sapa	Kung pipiliin ang Alternatibo 2, Inaasahang magsusumite ng mga aplikasyon para sa permit ng Section 1602 pagkatapos maaprubahan ang panghuling dokumentong pangkapaligiran, kung kinakailangan.
California Water Resources Board and Los Angeles Regional Water Quality Control Board	Sertipikasyon sa ilalim ng Section 401/mga kinakailangan sa paglalabas ng basura	Kung pipiliin ang Alternatibo 2, inaasahang magsusumite ng aplikasyon para sa sertipikasyon sa ilalim ng Section 401 pagkatapos maaprubahan ang panghuling dokumentong pangkapaligiran, kung kinakailangan.
Federal Highway Administration	Pagpapasya sa Pagkakatugma sa Kalidad ng Hangin	Magsusumite ng kahilingan para sa pagpapasya pagkatapos mapili ang piniling alternatibo.
State Historic Preservation Officer (SHPO)	Konsultasyon sa ilalim ng Section 106 ng National Historic Preservation Act Section 4(f) <i>De Minimis</i>	Sumang-ayon ang SHPO sa Finding of No Adverse Effect at inabisuhan tungkol sa <i>de minimis</i> na pagpapasya sa ilalim ng Section 4(f).
Los Angeles County Flood Control District	Floodplain Encroachment Permit	Sa yugto ng panghuling disenyo at bago ang konstruksyon.
California Department of Transportation	Permit sa Pagpasok	Sa yugto ng panghuling disenyo at bago ang konstruksyon.
Lungsod ng Carson	Permit sa Pagpasok	Sa yugto ng panghuling disenyo at bago ang konstruksyon.
California Transportation Commission (CTC)	Pagboto ng CTC upang aprubahan ang mga pondo	Pagkatapos maaprubahan ang panghuling dokumentong pangkapaligiran at mailathala ang Notice of Determination sa State Clearinghouse, boboto ang CTC upang aprubahan ang pagpopondo para sa iminungkahing Proyekto.

CTC=California Transportation Commission; SHPO=State Historic Preservation Officer

S-5.2 Paunawa ng Paghahanda

Sinimulan ang proseso ng pagtatakda ng saklaw para sa iminungkahing Proyekto sa pamamagitan ng paghahanda at pamamahagi ng Notice of Preparation (NOP). Inilathala ang NOP sa State Clearinghouse (2024090192) at ipinamahagi sa mga pampublikong ahensiya at iba pang interesadong panig, alinsunod sa Seksyon 15082 ng Mga Alituntunin ng CEQA, noong Setyembre 6, 2024. Ipinaalam ng NOP sa publiko na inihahanda ang EIR/EA, gayundin ang mga lokasyon ng pulong sa pagtatakda ng saklaw at mga paraan upang makapagbigay ang publiko ng mga komento tungkol sa Proyekto. . Isinumite noong Setyembre 30, 2024 ang Notice of Extended Scoping Comment Period, na nagpahaba sa orihinal na 30-araw na panahon ng komento sa pagtatakda ng saklaw sa kabuuang 46 na araw, mula Setyembre 6, 2024 hanggang Oktubre 21, 2024. Idinaos ang mga pulong sa pagtatakda ng saklaw noong Setyembre 17, 2024 (virtual); Setyembre 19, 2024 (virtual); at Oktubre 16, 2024 (personal).

Kabuuang 76 na pormal na komento mula sa 66 na indibidwal, ahensiya, o organisasyon ang natanggap sa pormal na panahon ng pagtatakda ng saklaw. Kabilang dito ang mga komento mula sa sumusunod na mga ahensiya at halal na opisyal:

- California Department of Fish and Wildlife
- California Air Resources Board
- U.S. Environmental Protection Agency
- Tanggapan ni Kongresista Nanette Barragan
- Alkalde ng Lungsod ng Carson na si Lula Davis-Holmes
- Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Carson na si Cedric L. Hicks, Sr.

Sa mga natanggap na komento, 41 ang sumuporta sa Alternatibo 1 (Walang Konstruksyon), 4 ang sumuporta sa Alternatibo 2 (Mga Pantulong na Linya at Complete Streets), at 42 ang sumuporta sa Alternatibo 3 (TSM/TDM). Natukoy ang sumusunod na mga pinagtatalunang usapin para sa Proyekto: mga alternatibong isinasaalang-alang, layunin at pangangailangan, pagpapalawak ng freeway at pagtaas ng kapasidad, at mga posibleng epekto sa kapaligiran sa panahon ng konstruksyon, kabilang ang trapiko, emisyon, at ingay.